



COVID-19 Impormasyon para sa mga Mayhawak na Pansamantalang Visa sa Australya

Naisapahanon noong 4 Abril 2020

Ang Pamahalaan ng Australya ay nagpahayag ng mga pagbabago sa kaayusan para sa mga mayhawak na pansamantalang visa. Ang mga pagbabagong ito ay naglalayong protektahan ang kalusugan ng ating komunidad, pangalagaan ang oportunidad sa trabaho ng mga Australyano, suportahan ang mga kritikal na industriya, at tumulong upang mabilis na makabawi pagkaraan ng virus.

Ang mga mayhawak ng visa sa Australya ay dapat sumunod sa payo ng pampublikong kalusugan kaugnay ng COVID-19.

Mga Nagtatrabahong Bakasyonista (Working Holiday Makers)

Ang mga pagbabago sa mga visa na Working Holiday Makers ay susuporta sa mga kritikal na sektor ng pangangalaga sa kalusugan, matatanda at maykapansanan, agrikultura at pagproseso ng pagkain, at childcare:

- Kung ikaw ay isang Working Holiday Maker at nagtatrabaho sa isa sa mga kritikal na sektor, ikaw ay hindi kasali (exempted) sa anim na buwang limitasyon sa pagtatrabaho sa isang tagapag-employo at magiging marapat ka rin para sa isang karagdagang visa upang patuloy na makapagtrabaho sa mga sektor na ito kung ang iyong kasalukuyang visa ay mawawalan na ng bisa sa susunod na anim na buwan.

Kung ikaw ay may visa na Working Holiday Maker at hindi kayang suportahan ang iyong sarili, dapat mong asikasuhing makabalik na sa iyong bansa.

Mga Pana-panahong Manggagawa (Seasonal Workers)

Ang mga manggagawa na nasa Seasonal Worker Program at Pacific Labour Scheme ay magagawang pahabain ang kanilang pamamalagi sa Australya upang suportahan ang sektor ng agrikultura.

Kung ikaw ay nasa Australya upang lumahok sa Seasonal Worker Programme, maaari kang mag-aplay para sa isang visa na Temporary Activity (subclass 408) sa stream na Australian Government Endorsed Event (AGEE). Ang mga manggagawa na Pacific Labour Scheme ay maaaring mag-aplay para sa isang bagong visa sa stream na Temporary Work (International Relations) (subclass 403) Pacific Labour Scheme.

Mga Mayhawak na Bisitang Visa (Visitor Visa Holders)

Kung ikaw ay nasa Australya, mayhawak na Visitor Visa at hindi mo kayang suportahan ang iyong sarili, dapat kang bumalik na sa iyong bansa kung ito ay posibleng gawin.

Mga Dayuhang Mag-aaral (International Students)

Ang mga dayuhang mag-aaral ay hinihikayat na umasa sa suporta ng kanilang pamilya, sa part-time na trabaho kung may makukuha at sa sarili nilang naipong pera para maitaguyod ang kanilang sarili sa Australya. Sa ilang mga sitwasyon ay maaaring ma-access ng mga mag-aaral ang kanilang superannuation sa Australya.

Ang pamahalaan ay magiging flexible rin sa mga kondisyon sa visa ng mag-aaral dahil isasaalang-ilang ang paghadlang ng Coronavirus upang matupad ang mga kondisyong ito.

Mga Mayhawak ng Pansamantalang Maykasanayan na Visa (Temporary Skilled Visa holders)

Kung ikaw ay mayhawak ng Temporary Skilled na visa at sinabihang huwag magtrabaho, ngunit hindi sinisante, mananatiling may saysay ang iyong visa at ang mga negosyo ay magkakaroon ng pagkakataon na palawigin ang iyong visa gaya ng normal na mga kaayusan. Ang Pamahalaan ay magpapahintulot din sa iyo na makuha ang iyong superannuation na hanggang \$10,000 upang masuportahan ang iyong sarili.

Maaari ring bawasan ng mga negosyo ang iyong oras ng pagtatrabaho nang walang sinuman sa inyo ng iyong tagapag-empleyo ang ituturing na lumabag sa mga kondisyon o obligason ng visa.

Kung ikaw ay nasisante o walang trabaho, kailangan mong maghanap ng bagong tagapag-empleyo sa loob ng 60 araw o asikasuhing makaalis na sa Australya, kung ito ay posible.

Ang iba pang impormasyon tungkol sa mga pansamantalang kaayusang ito ay makukuha sa website ng Kagawaran: <https://covid19.homeaffairs.gov.au/>